

# Mahalagang Impormasyon para Malaman ng Mga Imigranteng Pamilya Tungkol sa Medicaid at CHIP

Maaaring maghandog ang Medicaid at Children's Health Insurance Program (CHIP) ng libre o murang pangkalusugang insurance para sa iyo at sa iyong pamilya. Ligtas na mag-apply para sa coverage ng Medicaid at CHIP.

Kung kasama ng pamilya mo ang mga indibiduwal na mga imigrante, narito ang mahalagang impormasyon na dapat mong malaman:

- Ang mga ahensiya ng State Medicaid at CHIP ay maaari lang kumolekta, gumamit, at magsiwalat ng impormasyong kailangan para sa taong nag-a-apply para sa pangkalusugang coverage.
- Hindi mo kailanman kailangang ibahagi ang katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon para sa mga miyembro ng pamilya na hindi nag-a-apply para sa coverage. Sa aplikasyon mo, makikilala mo ang mga miyembro ng pamilya na hindi nag-a-apply para sa coverage bilang mga "hindi aplikante."
- Ang Medicaid at CHIP ay may malakas na proteksiyon sa pagkapribado na nakatalaga para panatiliing ligtas ang impormasyon mo at ng iyong pamilya. Ang isang indibiduwal na tumutulong sa pamilya mong mag-apply para sa coverage ay dapat sumunod sa mga mahigpit na patakaran para protektahan ang pagkapribado ng pamilya mo. Kasama sa mga indibiduwal na ito ang kawani ng Medicaid at CHIP ng estado, mga taganabiga, mga sertipikadong tagapagpayo ng aplikasyon, mga ahente, mga broker at mga kinatawan ng call center.
- Sa pangkalahatan, ang pag-apply para sa o pagtanggap ng Medicaid o CHIP na mga benepisyo o makatipid sa pangkalusugang gastos sa pangkalusugang insurance sa Marketplace, ay hindi mabibilang sa isang "pampublikong singil" na pagsusuri. Hindi nito maaapektuhan ang pagkakataon na ang tao ay maging Naaayon sa Batas na Permanenteng Residente. Walang pampublikong singil para sa pagsusulit sa pagiging mamamayan.
  - May isang hindi kasama sa mga taong nakakatanggap ng pangmatagalang pag-aalaga sa institusyon sa gastos ng pamahalaan, tulad ng nursing home. Maaaring humarap ang mga taong ito sa mga hadlang para makakuha ng green card.
  - Ang paglalagay sa institusyon nang panandaliang rehabilitasyon ay hindi isinasaalang-alang sa determinasyon ng pampublikong singil.
  - Ang mga benepisyong CHIP ay hindi isinasaalang-alang sa determinasyon ng pampublikong singil sa anumang sirkumstansiya.

Para makakuha ng higit pang impormasyon, tumawag sa **1-877-KIDS-NOW (1-877-543-7669)** o pumunya sa seksiyong **"Find Coverage for Your Family"** sa [InsureKidsNow.gov](https://www.insurekidsnow.gov). Kung ikaw o sinuman sa pamilya mo ay hindi nakakapagsalita, nakakabasa, nakakasulat, o nakakaunawa ng Ingles, may makukuhang libreng tulong sa wika.



**InsureKidsNow.gov**

